HALAW SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PAGPUPULONG NG MGA KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN BAYAN NGAYONG IKA-3 NG ABRIL 2012.

| | | |
|---|---|---|
| DUMALO: | Kgg. Edmond E. Arive | Pangalawang Punong Bayan (Tagapangulo ng Pulong) |
| | Kgg. Maximino V. Gervacio | Kagawad |
| | Kgg. Ronnie S. Cudia | Kagawad |
| | Kgg. Hernan P. Andres | Kagawad |
| | Kgg. Lope C. Valmonte | Kagawad |
| | Kgg. Lodovico R. De Leon | Kagawad |
| | Kgg. Vivencio V. Mantile | Kagawad |
| | Kgg. Arcangel T. Ruz, Sr. | Kagawad |
| | Kgg. Elpidio DG. Angeles | Kagawad |
| | Kgg. Alejandro A. Camato | Kagawad - Liga Pres. |
| | Kgg. Love Joy R. Padrid | Kagawad - SK Pres. |

DI DUMALO: (WALA)

**KAPASYAHAN BLG. 35-s-2012**

ISANG KAPASYAHANG HUMIHILING SA KGG. ANDREW B. VILLACORTA, REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR, DEPARTMENT OF AGRICULTURE, LUNGSOD NG SAN FERNANDO, PAMPANGA, NA MAPAGKALOOBAN NG PAMBILI NG "ONION SEEDS" (RED CREOLE AT YELLOW GRANEX SAVANAH SWEET) NA HALAGANG ₱10M ANG MAGTATANIM NG SIBUYAS SA BAYAN NG BONGABON, LALAWIGAN NG NUEVA ECIJA.

YAYAMANG, ang magtatanim/magsasaka ng sibuyas ay lubos na naapektuhan/nasira ang kanilang mga punlang sibuyas dulot ng nakaraang bagyong "Pedring" at madalas na pag-ulan;

YAYAMANG, ang mga magtatanim ay pinilit paring makabangon at sila ay nagtatanim rin, subalit, ito ay inatake ng sakit/paninira ng mga insekto at nagdulot ng walang inani, at sa susunod na taniman ay lubusan ng kapos; kung kayat;

Sa mungkahi ni Kagawad Vivencio V. Mantile, na pinangalawahan naman ni Kagawad Lope C. Valmonte, mangyari na;

PAGTIBAYIN, gaya ng ngayon ay Pinagtitibay ang Kapasyahang humihiling sa Kgg. Andrew B. Villacorta, Regional Executive Director, Department of Agriculture, Lungsod ng San Fernando, Pampanga, na mapagkalooban ng pambili ng "onion seeds" (red creole at yellow granex savanah sweet) na halagang ₱10M ang magtatanim ng sibuyas sa Bayan ng Bongabon, Lalawigan ng Nueva Ecija.

PINAGTITIBAY PA RIN, na padalhan ng sipi ng Kapasyahang ito ang Kgg. Andrew B. Villacorta, Regional Executive Director, Department of Agriculture, Lungsod ng San Fernando, Pampanga, para sa kabatiran.

PINAGTIBAY:
Abril 3, 2012

x------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------x

PINATUTUNAYAN KO ang katumpakan ng kapasyahang sinipi sa itaas nito na Pinagtibay.

PINATUNAYAN:

CARMENCITA P. CARPIO
Kalihim, Sangguniang Bayan

PINATUTUNAYAN:

**KGG. EDMOND E. ARIVE**
Pangalawang Punong Bayan
(Tagapangulo ng Pulong)

PINAGTIBAY:

**KGG. AMELIA A. GAMILLA**
Punong Bayan